

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy sa Pang-abay na Pamanahon

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na pamanahon sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay na pamanahon sa pangungusap. Bilugan ang pandiwa na inilalarawan ng pang-abay na ito.

1. Oras-oras niya akong tinatawagan sa opisina.
2. Nakikita ko paminsan-minsan ang mga dati kong kaklase.
3. Ang mga bumbero ay darating sa lugar ng sunog sa lalong madaling panahon.
4. Tuwing Sabado, nagluluto ng espesyal na meryenda si Nanay.
5. Laging naka-abang sa *gate* ang alagang aso ni Terry.
6. Ang presyo ng langis ay tumataas linggu-linggo.
7. Kani-kanina lang ay hinahanap ka ni Ginoong Ramos.
8. Madalas magsinungaling ang batang iyan.
9. Ipinanganak si Sarah noong ika-15 ng Setyembre.
10. Ang mga senador ay nagpupulong sa Malacañang sa kasalukuyan.
11. Si Henry ay nagtapos sa kolehiyo kamakailan lamang.
12. Kailanma'y hindi tayo pababayaan ng ating mga magulang.
13. Magtatrabaho ba si Tatay sa opisina ngayon?
14. Nagbiyahe papuntang Australya ang kaibigan ko noong nakaraang taon.
15. Noong unang panahon, may alpabetong nilikha ang ating mga ninuno.